**INTERNATIONAL NAPASA ( February 25th 2025 )**

## 1)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa February 26 (Wednesday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***URAWA REDS.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 2)IMPORMASYONUKOL SA WALANG BAYAD NA MATRIKULA SA KOLEHIYO

大学の授業 料 無償化のお知らせ

Mula sa April, 2025 ang tahanang may 3 anak ay malilibre na sa bayarin ng matrikula sa Kolehiyo anuman ang laki ng suweldo ng magulang. Libre rin ang 2 year college course at mga Technical College. Subalit kung ang mag-aaral ay nagta-trabaho na ay hindi na malilibre ang matrikula. Para sa pag-aapply ay makipag-alam lamang sa papasukang Unibersidad.

## 3)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGBABAGO SA PATAKARAN SA PAGBIBISIKLETA

自転車の運転規則変更マナーについて

Mula noong November 1 ang patakaran sa oras ng pagbibisikleta ay naging mahigpit na.

**ANG MGA SUMUSUNOD NA PAGLABAG AY PAPATAWAN NG PARUSANG MULTA O PAGKABILANGGO:**

1. Paggamit ng mobile phone habang nagbibisikleta.
2. Pakikipag-usap gamit ang mobile phone habang nagbibisikleta.
3. Pagbibisikleta matapos maka-inom ng alak.

## 4)EVENT PARA SA PAG-AAMPON NG MGA NAILIGTAS NA PUSA

保護猫の譲渡会のお知らせ

Tuwing ika-4 na linggo ng buwan, ang “***SAMAHAN PARA MABAWASAN ANG MGA LIGAW NA PUSA”*** sa Hiratsuka City ay magpupulong-pulong para sa “Pag-aampon sa mga nailigtas na pusa”, ang oras ay mula 11:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon sa ***OSC SHONAN*** sa 2ND floor ng “ Your Petia” Hiratsuka Shop. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **080-5901-7746 (080-5901-7746).**

## 5)LIBRENG ARAW NG PAGGAMIT NG GYMN NG MIZUHO ELEMENTARY SCHOOL

みずほ小学校体育館の無料開放のお知らせ

Tuwing ikalawa at ikatlong Sabado ng buwan ay magagamit ng libre ang ***GYMNASIUM (TAIIKU KAN)*** ng Mizuho Elementary School sa Kita Kaname. Dito ay maaaring makapaglaro ng Badminton, Table Tennis, Boccia at iba pa. Ang oras ay mula 1:00 hanggang 4:00 ng hapon. At ang pagpapareserba dito ay hindi na kailangan. Magdala lamang ng inyong sapatos na panloob at mga kagamitan sa paglalaro.

Para sa mga katanungan ay tumawag lamang sa ***SPORTS DIVISION*** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-31-3060 (0463-31-3060).**